



Partido ng Masa,
Partido ng Pagbabago,
Partido ng Sosyalismo

Ano ang PLM?

Ang PLM ay isang **pambansa, elektoral, at pangmasang** partido politikal na naniniwala sa **napapanahong** pagtatayo ng **Gobyerno ng Masa** bilang solusyon sa kahirapan, pang-aapi, at krisis na pinapasan ng masa – dulot ng sistemang pinaghaharian ng mga dinastiya, trapo, at oligarkiya, o ang sistemang kapitalismo.

Bakit naiiba ang PLM sa maraming partido?

- Naiiba ito sa mga tradisyonal na partidong gaya ng Nacionalista Party, Lakas-CMD, Partido Liberal, PDP-Laban, at iba na pinaghaharian ng dinastiya, trapo, at elitistang pwersa. (**Kung may trapo, may trapa**).
- Ang partido ng mga dinastiya ay partidong pinaghaharian ng mga angkan at pamilyang kumokontrol sa buong gobyerno. Partido rin sila ng mga trapo, ng oligarkiya o ng mga mayayaman.
- Partido sila na tagapagtaguyod ng kapitalistang sistema, na ang interes lamang ay payamanin ang kanilang mga sarili habang pinahihirapan at ninanakawan ang masa.

*Kailangan ng masang
manggagawa at maralita
ang sarili nilang partido.*

*Ito ang Partido Lakas ng
Masa o PLM.*

Kailan itinatag ang PLM?

- Itinatag ito 16 na taon na ang nakaraan – noong **January 30, 2009** sa Kongresong ginanap sa Amorante Stadium, QC.
- Binuo ito ng **1,000 delegado** mula sa mga lider at kasapi ng iba't ibang pambansang organisasyon.
- Ang mga organisasyong orihinal na nagtatag ay ang sumusunod:
 - Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Sanlakas, Kongreso ng Pagkakaisa ng Maralitang Lungsod (KPML), ZOTO, AMA, Makabayan, Kilusang Mangingisda, at Samahan ng Demokratikong Kabataan (SDK).

Bago ang Founding Congress ng PLM,
nagkaroon ito ng street launch sa Metro Manila,
September 30, 2008.




Ang Founding Congress ng PLM, January
30, 2009 sa Amorante Stadium, QC.



MGA DOKUMENTO NG PAGTATATAG NG PLM

- Plataporma ng Masa
- Konstitusyon at Alituntunin
- Praymer ng PLM



Ano sa buod ang layunin ng PLM?

Sa buod, maisusumada ito sa:

**PAGSILBIHAN ANG MASA SA PAMAMAGITAN NG
PAGSASA-KAPANGYARIHAN SA KANILA.**

***SERVE THE MASSES
BY EMPOWERING
THE MASSES***

2009: Unang taon ng pagkakatatag ng PLM:

- Agad sumabak sa kampanya para sa pagpapatalisik sa imbing rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo.
- Isa sa pangunahing tagapagbuo ng Laban ng Masa, ang malapad na koalisyon ng mga Kaliwang pwersa sa pangunguna ni Ka Dodong Nemenzo. Nakipag-alyansa sa mga sundalong rebelde na lumaban sa rehimeng GMA.
- Nagsimulang itayo ang mga chapter sa NCR at sa iba pang mga rehiyon.
- Nagsagawa ng relief operations sa mga biktima ng baha dulot ng Typhoon Ondoy sa Metro Manila.



Ilang mga pagkilos ng PLM
noong 2009



2009: Patal시킨 si Gloria!



Laban sa pambobomba sa Mindanao



PLM Region IV-A



PLM San Dionisio,
Parañaque



PLM Cebu

2010, Ikalawang taon ng PLM:


- Lumahok sa barangay elections noong October 25, 2010. Nagpatakbo ng mga kandidato (100 sa NCR at iba pang mga rehiyon).
- Nagpatuloy sa pagtatayo ng PLM chapter sa mga barangay.
- Idinaos ang Southeast Asia Socialism & Feminism Conference (November 27-28, 2010, UP Diliman). Higit 100 ang lumahok at may 13 international guests.



2011, ginanap ang Ikalawang Kongreso ng PLM



2nd NC meeting, 2011,
Tagaytay



PLM Parañaque Founding Convention

2012, sinertipikahan ng Comelec ang PLM bilang pambansang partido politikal

- Resulta ito ng halos araw-araw na rali ng PLM sa harap ng Comelec, sa ilalim ng kampanyang Anti-Trapo, Anti-Bopal (bogus party list).
- Na-certify ang PLM bilang national political party noong September 19, 2012.



PLM Anti-Trapo, Anti-Bopal actions at Comelec (Oct. 2012)

2013, lumahok ang PLM sa eleksyon bilang national political party

- Sinuportahan nito ang Sanlakas bilang party list. Naging kandidatong senador si Ricardo 'Dick' Penson na lider ng kontra-dinastiyang kilusan.
- Nagpatakbo rin ng mga kandidato sa barangay elections noong October 2013.



Sanlakas Party List

Partido Lakas ng Masa People's Caravan 3

Date: Sunday, December 15

Meetup: Caritas Manila Office, Pandacan

Time: 7 AM.

Route: Laguna, Batangas, Quezon (*overnight sleepover in Gumaca Diocese*), Bicol, (*ferry ride from Matnog, Sorsogon to Allen, Samar*), Calbayog, Catbalogan, and will distribute goods in the storm-ravaged towns in Samar and Leyte.

We are looking for volunteers and donors. Kindly text 09267101392 for details.

Noong Nobyembre at Disyembre 2013, nagsagawa ng People's Caravan na nagdala ng mga relief materials sa Leyte sa mga sinalanta ng Bagyong Yolanda, bago pa dumating ang mga ayuda ng DSWD.



2014, lumahok sa kampanya laban sa pork barrel (PDAF)


- Nagdaos ng mga protesta sa isyu ng pork barrel at sa neoliberal na programa ng administrasyong Noynoy Aquino.
- Idinaos ang Asian Socialism Conference (November 28-29, 2014). Higit 350 and dumalo, at may mga kinatawan ng sosyalistang partido at grupo mula sa Malaysia, Indonesia, Thailand, Nepal, Australia, South Africa, at Sweden. Lumahok sa rali ng 3,000 participants noong Araw ni Bonifacio (November 30).



August 25, 2014. March from Luneta to Mendiola: Wakasan ang Pork Barrel, No to Term Extension.

2015, ipinagpatuloy ang pakikiisa sa laban ng manggagawa at maralita

- Nagdaos ng protesta sa harap ng pabrika ng Kentex sa Valenzuela City noong Mayo bilang pakikiisa sa pamilya ng 70 manggagawang nasunog.
- Nagdaos ng martsa sa pagdalaw sa bansa ni Pope Francis, at ibinandila sa mga streamers ng PLM ang iba't ibang usapin na binuksan ni Pope Francis: globalisasyon, krisis, kabataan, human trafficking at environment.
- Idinaos ang Manila Socialism Conference noong November 15.



2016, muling lumahok sa eleksyon bilang national political party

- Naging senatorial candidate ng PLM ang military rebel leader na si Dado Valeroso. Muli, Sanlakas ang naging party list ng PLM.
- Habang marami sa Kaliwang pwersa naging tagasuporta ni Pangulong Rodrigo Duterte, isinulong ng PLM ang kritikal na tindig sa rehimeng Duterte. Kinondena mula't simula pa ang tokhang, war on drugs, extra-judicial killings, militarismo, at namumuong diktadura.
- Tinutulan din ang NTF-Elcac, ang martial law sa Mindanao, at ang pagsuporta sa China sa usapin ng POGO at West Philippine Sea, habang pinanatili ang VFA at military and pro-China/US backdoor dealings.



Alternative 7 sa Senado, Kandidato ng



#48 **Hen. Dado Valeroso**
Makabayang AFP at PNP officer



#8 **Walden Bello**
Prinsipyado at Progresibo



#11 **Neri Colmenares**
Fighting Congressman



#31 **Alan Montaña**
Labor Leader



#6 **Levi Baligod**
Tagapagtanggol ng Whistle Blowers



#22 **Lorna Kapunan**
Laban sa Kahirapan, Para sa Kababaihan



#34 **Toots Ople**
Tagapagtanggol ng OFWs

#37



Partylist, ito ang iboto!

February 2016 Proclamation Rally



2017: Nagpatuloy sa paglaban sa pambansa at lokal na antas para sa mga isyu ng masa

- Laban sa pambobomba sa mga probinsya sa Mindanao
- Laban sa “gyera sa droga” na pumatay ng higit 7,000 kabataan
- Laban sa pederalismong magpapalakas ng kapangyarihan ng mga dinastiya
- Laban sa Charter-Change na ibebenta ang natural na yaman at ekonomiya ng bayan sa malalaking kompanyang dayuhan
- Patuloy na pagbubuo ng mga chapter ng PLM sa iba’t ibang mga bayan at probinsiya.



Laban sa pambobomba at martial law sa Mindanao



Laban sa "gyera sa droga"



2018: Ikatlong Kongreso ng PLM

- Dinaluhan ang Ikatlong Kongreso ng may 150 delegado. Mayorya ng delegado ay kababaihan at may mga delegado rin sa bagong tatag na Young PLM (naging PLM-Kabataan).
- Nabuo nang mga panahong ito ang malawak na Kaliwang koalisyon ng Laban ng Masa (Part 2) sa pamumuno ni Walden Bello.
- Naglunsad ng kampanya laban sa pro-dinastiya at pro-trapong pederalismo ni Pangulong Rodrigo Duterte, at ang bagong Cha-cha na magbubukas ng 100% na pagmamay-ari ng mga dayuhan sa ekonomiya ng bansa.

NO to Con-Ass!
NO to Cha-Cha!
No to Duterte's Federalism!



YES, to PEOPLE'S CONGRESS!
YES, to PEOPLE'S CHARTER!



2018: 3RD PLM NATIONAL CONGRESS

***Itayo ang mga organisasyon at balangay ng PLM!
Ihanda ang hanay sa sunud-sunod na laban!***



3rd National Congress January 27, 2018



***Itayo ang mga organisasyon at balangay ng PLM!
at
Ihanda ang hanay sa sunod sunod na laban***



3rd National Congress January 27, 2018





2019: Tumakbong national party at party list

- Inilaban si Ka Leody de Guzman bilang senador. Nagbuo ng alyansa ng mga tumatakbong senador sa hanay ng manggagawa (Labor Win).
- Lumaban muli ang PLM Party list na ang unang nominee ay si Benjo Basas ng Teachers Dignity Coalition.

 Ipinakilala:
Partido Lakas ng Masa (PLM Partylist)

Koalisyon na Pinag-isang Lakas!

Ang PLM Partylist ay isang koalisyon na binuo ng mga sumusunod na organisasyon para magkaroon ng nagkakaisang paglaban sa May 13, 2019 elections:

 Teachers Dignity Coalition (TDC)	 Bakla ng Manggagawang Pilipino (BMP)	 Surinakan	 Kongreso ng Paglalaran ng Manalang Lingkod (KPNL)	 Partido Lakas ng Masa Political Party
--	---	--	--	--

MGA NOMINADONG KINATAWAN SA KONGRESO



Sept.-Oct. 2019: PLM Youth Training

- Naglunsad ng serye ng PLM Youth Training. Batayang dokumento sa training: Pambungad na Aralin sa Sosyalismo sa Bansa.



2020-21: Nagpatuloy sa gitna ng Covid-19 pandemya

- Nagsagawa ng relief operations sa mga komunidad para dagdag-ayuda.
- Lumahok sa mga pagkilos nang may physical distance para isulong ang mga karaingan sa gitna ng pandemya.

March 2021, UP
University Avenue

KODAO



2022: Isang makasaysayang pagsulong (historic leap)

- Pinatakbo sina (1) Ka Leody de Guzman bilang presidente; (2) Walden Bello, bise-presidente; at (3) Luke Espiritu bilang senador sa 2022 election. Tumakbo rin bilang party list sa ilalim ng koalisyon (first nominee si Kamaggfi leader Baldwin, kasama sina Lidy, Tita Flor, at iba pa).
- Kasama ang Laban ng Masa, nagkampanya sa transisyonal na platapormang sosyalista, na nanawagan gaya ng sumusunod: (1) living wage at wealth tax; (2) pagwawakas sa dinastiya at kontraktwalisasyon; (3) climate justice and just transition; (4) tunay na independyente at peace-based foreign policy.



MITING DE AVANCE

May 4, 6PM | QC Memorial Circle Covered Court near Liwasang A



MANGGAGAWA NAMAN!

#123 PLM PARTYLIST
PARTIDO LAKAS NG MASA



**BALDWIN
SYKIMTE**

**LIDY
NACPIL**

**TITA FLOR
ASIDDAD-SANTOS**

**MANNY
TORIBIO**

**JHULY
PANDAY**

2023: PLM 4th Congress: Kongreso ng Pakikibaka, Palakasin ang Partido Lakas ng Masa!



PLM 4TH CONGRESS, Sept. 30, 2023,
UPCSWD



2024: PLM Convention for 2025 election





2025: Paglahok sa eleksyong senatoryal



MANGGAGAWA NAMAN

Senatorial Proclamation Rally

February 16, 2025
6:00PM - 8:00PM
Bantayog ng mga Bayani

LEODY DE GUZMAN
Labor Leader

LUKE ESPIRITU
Labor Lawyer

LIVE ON PLM FB PAGE

LUKE AND LEODY IN EASTERN VISAYAS

- April 2 • Tacloban
Palo
Biliran
Carigara
- April 3 • Borongan
Quinapondan
Balangiga
- April 4 • Ormoc
- April 5 • Tacloban

EASTERN
VISAYAS
AND
FOR **LUKE**
LEODY





SALUDO AT PAGBATI



SULONG, PLM!

MAGHANDA SA
MGA BAGONG
LABAN!

ALL LEADERS' ASSEMBLY

25th May, 2025 | 9AM

RM 111, UP Integrated School, A. Ma. Regidor cor. Quirino Ave., U.P. Diliman



Sumada: 16 Taon na ang PLM ngayong 2025 at ito ang mga nakamit nitong ambag sa pulitika sa bansa

1. Walang humpay na pagkilos laban sa dinastiya at paghaharing elitista at trapo. Paglalantad din ng limitasyon at kahinaan ng pragmatismo at liberalismo sa pulitika.
2. Napag-ugnay ang pakikibakang elektoral sa pag-oorganisa at pakikibaka ng masa. Lumahok na sa pambansang eleksyon mula 2013 bilang political party at party list (dalawang beses). Gayunman, ang pangunahing pansin ay pag-uugnay ng pakikibakang masa sa elektoral na pulitika.
3. Nabuo ang Plataporma sa Gobyerno ng Masa – isang plataporma de gobyerno na isasagawa ng gobyerno ng masa, mula sa mga kagyat na usapin tungo sa transisyonal na pagbabago at ultimong pagtatayo ng sosyalismo sa bansa.

Sumada (cont.)...

4. Tuluy-tuloy na edukasyon at leadership training para sa mga lider at kasapi.
5. Pagsusulong ng kamalayang sosyalista sa maraming usapin at diskurso.
6. Pakikiisa sa pakikibaka ng masang manggagawa at iba pang mga aping uri sa pandaigdigang larangan.

DISSENT

March 19, 2025: Press Conference

**DUTERTE'S FASCIST POLICIES!
COMPENSATE ALL EJK VICTIMS**

PARTIDO HAKAS NG MASA

Ka Leody De Guzman

Atty Luke Espiritu



PLATAPORMA NG GOBYERNO NG MASA

PLM 4th National Congress
September 30-October 1,
2023






Ang PLM Ngayon: Isang pangmasang sosyalistang partido pampulitika at elektoral

1. Partido ng masang manggagawa at maralita. Partidong kumakatawan sa layuning itayo ang Gobyerno ng Masa bilang landas sa tunay na pagbabago hanggang pagtatayo ng sosyalismo sa bansa.



2. Partidong lumalaban sa karapatan ng masa at nagtatayo ng mga organong pampulitika ng masa sa mga lugar na nagsisimulang lumaban ang masa.





3. Tinig para sa tunay na pagbabago ng sistema, para sa sosyalismo, at hindi lamang para sa reporma.



Isinusulong ng PLM ang internasyonalismo at pagkakaisa ng mga Kaliwa at progresibong pwersa sa daigdig.

- Nagbuo ito ng pandaigdigang solidaridad sa mga sosyalista, progresibo at mapagpalayang pwersa sa iba't ibang panig ng daigdig.
 - Ang international solidarity network nito ay sumasaklaw sa mga partido at organisasyong nasa Asia-Pacific (Malaysia, Indonesia, Thailand, Timor Leste, India, Sri Lanka, Nepal, Australia), Europa (Sweden, Germany, Denmark), Africa (South Africa).
- Kabilang ang PLM sa mga grupo ng Ekososyalista sa iba't ibang panig ng mundo.
- Laban ang PLM sa imperyalismo at kolonyalismo kabilang ang apartheid sa Palestine at ang genocide sa Gaza.



Philippines Venezuela Solidarity Network (Phil-Ven-Sol)





WHY ECOSOCIALISM: THE GLOBAL FIGHT FOR A RED-GREEN FUTURE

SATURDAY
23 OCTOBER
11AM (AEST)



Ian Angus Reihana Mohideen Sarah Hathway

ECOSOCIALISM 2025 CONFERENCE



AYA
CLAMOR

ECOSOCIALISM
NOT
BARBARISM



Paano sumapi sa PLM?

- Sinumang nananalig sa pangkalahatang layunin ng PLM at tinatanggap ang saligang batas nito ay maaaring sumapi sa PLM.
- Ang mga indibidwal na kasapi ay papaloob sa isang chapter o komite ng PLM.
- Ang mga organisasyong masa ay maaaring mag-affiliate bilang kasaping organisasyon sa pamamagitan ng kapasyahan ng kanilang opisyal na liderato.
- Gayunman, hinihikayat ang mga affiliate organizations na indibidwal na magpasapi sa PLM.

❑ Mula sa Artikulo 2 ng Saligang Batas ng PLM


Paano magbubuo ng chapter ng PLM?

- Ang pinakamaliit na chapter ng PLM ay ang Area o Barangay Chapter. Maaari nang itatag ito kapag may minimum na bilang ng 15 kasapi ng PLM sa isang erya o barangay.
- Maaaring itayo ang municipal o provincial chapter ng PLM sang-ayon sa napagkasunduang bilang ng area o barangay chapters na nabuo na.
- Gayunman, pahihintulutan ang pleksibilidad sa pagtatayo ng municipal/city o provincial chapter depende sa kalagayang pagpapasyahan ng National Council ng PLM.



Organizational Chart ng PLM

- Ang pinakamataas na organo ay ang Kongreso ng PLM. Ipinatatagwag ito tuwing ikatlong taon.
- Inihahalal sa Kongreso ang Presidente at Tagapangulo at ang mga kasapi ng National Council (NC o Pambansang Konseho). Sa kasalukuyan, hinihirang ang mga kinatawan ng Advisory Council mula sa mga mayor na organisasyong nagbuo ng PLM at ipinatatawag sila ng NC sa pagpapasya sa mahahalagang usapin (eleksyon at iba pa).
- Inihahalal ng NC ang National Executive Council (NEC) na nangangasiwa sa araw-araw na pagpapatakbo ng organisasyon.



Mabuhay kayo!

***Sulong,
Sosyalismo!***